

Bagong buhay

La décision

 Ursula Nafula

 Vusi Malindi


 Arlene Avila

 Tagalog / French

 Level 2

(imageless edition)






Maraming problema ang aming nayon. Mahaba ang pila sa pag-igib ng tubig kasi iisa lang ang gripo.

...


Mon village avait plusieurs problèmes. Nous faisons la file pour aller chercher de l'eau d'un seul robinet.



Naghihintay lang kami ng
pagkaing donasyon galing sa iba.

...


Nous attendions la nourriture
donnée par les autres.



Maaga kaming nagsasara ng
bahay dahil may magnanakaw.

...


Nous avons barré nos maisons tôt
à cause des voleurs.



Maraming bata ang tumitigil sa
pag-aaral.

...


Plusieurs enfants avaient lâché
l'école.



Pumapasok naman bilang
katulong ang mga dalaga sa ibang
nayon.

...


Les jeunes filles travaillaient
comme domestiques dans d'autres
villages.



May mga binatang istambay at pagala-gala habang tumutulong ang iba sa bukid.

...


Les jeunes garçons se promenaient autour du village pendant que d'autres travaillaient sur des fermes.



Kumakalat ang basura kung saan-
saan kapag malakas ang hangin.

...


Quand le vent soufflait, des
déchets de papier pendaient des
arbres et des clôtures.



Nasusugatan ang ilan dahil sa
bubog na tinapon na lang basta.

...


Les gens se faisaient couper par de
la vitre brisée lancée sans faire
attention.



Isang araw, nawalan ng tubig ang gripo at hindi kami nakapag-igib.

...


Puis un jour, le robinet se tarit et nos conteneurs étaient vides.



Pinuntahan ni tatay ang bawat isa sa kanilang bahay para tawagin ang isang pulong.

...


Mon père marcha de maison en maison et demanda aux gens de participer à une réunion du village.



Nagtipon ang mga tao sa ilalim ng malaking puno.

...


Les gens se recueillirent sous un grand arbre et écoutèrent.



Tumayo si tatay sa harap,
“Kailangan nating magtulong-
tulong para malutas ang mga
problema.”

...


Mon père se leva et dit, « Nous
devons travailler ensemble pour
résoudre nos problèmes. »



“Tutulong akong maglinis,” sigaw ng walong taon na si Juma habang nakaupo sa putol na puno.

...


Juma, âgée de huit ans et assise sur un tronc d’arbre, cria, « Je peux aider à nettoyer. »



“Magtatanim kaming mga babae
ng makakain,” sabi ng isang ale.

...


Une femme dit, « Les femmes
peuvent me joindre pour cultiver
de la nourriture. »



“Maghuhukay kaming mga lalaki para makahanap ng balon,” sabi naman ng isang mama.

...

Un autre homme se leva et dit, «
Les hommes creuseront un puits. »



“Magbabagong buhay tayo,” sigaw naming lahat. Iyon nga ang aming ginawa.

...

Nous criions tous avec une voix, «
Nous devons changer nos vies. »
Depuis ce jour, nous avons travaillé ensemble pour résoudre nos problèmes.



Storybooks Canada

storybookscanada.ca

Bagong buhay

La décision

Written by: Ursula Nafula

Illustrated by: Vusi Malindi

Translated by: (tl) Arlene Avila, (fr) Alexandra Danahy

This story originates from the African Storybook (africanstorybook.org) and is brought to you by Storybooks Canada in an effort to provide children's stories in Canada's many languages.



This work is licensed under a Creative Commons
[Attribution 4.0 International License](https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/).